CH!RP

*Isang independent at kumpidensyal na sistema ng pag-uulat para sa Maritime industry*

# SHADOW FLEET SAFETY GUIDE

## ISANG PRAKTIKAL NA GABAY PARA SA MGA MARINO, PAMILYA, AT MGA CREWING COMPANY



# Panimula

Ang gabay na ito ay nagbibigay sa mga marino at kanilang mga pamilya ng mga praktikal na hakbang upang manatiling ligtas kapag nakikipag-ugnayan sa mga barkong hindi sumusunod sa mga pandaigdigang patakaran, na kadalasang tinatawag na "shadow fleet." Ang mga barkong ito ay madalas umiwas sa mga sanction, nagpapalit ng flags, at kulang sa wastong maintenance, na nagdudulot ng seryosong panganib sa kaligtasan at kapakanan. Ang pag-unawa kung paano matukoy ang mga barkong ito ay makatutulong upang maprotektahan ang mga marino at makapagbigay-daan sa mas ligtas na deployment decisions ng mga crewing company.



# Pagtukoy sa mga warning signs

Ang pagtukoy sa mga barkong may kaugnayan sa shadow fleet ay nangangailangan ng malapit na pakikipagtulungan ng mga marino at crewing company. Bago tumanggap ng anumang assignment, beripikahin ang IMO number ng barko mula sa mga opisyal na sanction at risk lists. Hanapin ang mga sumusunod na indikasyon:

## Mga Katangian ng Barko

- Kapansin-pansing mga lumang barko, lalo na kung may nakikitang palatandaan ng hindi maayos na maintenance o kapabayaan.
- Madalas na pagpapalit ng may-ari o pamunuan
- Mabilis o paulit-ulit na pagpapalit ng *flag*
- Hindi nakalista sa kinikilalang Port State Control MoUs (Paris, Tokyo, USCG)

## Mga Paraan ng Operasyon

- Hindi pangkaraniwan o high-risk na ruta ng kalakalan
- Walang malinaw na management, insurance o P&I entry
- Naka-off ang AIS o nagpapadala ng maling posisyon
- Ship-to-ship (STS) cargo transfers sa offshore

## Mga Rehistrong Mataas ang Panganib

Kung nakarehistro sa ilalim ng hindi opisyal o kahina-hinalang mga rehistro, gaya ng ipinapakita sa pahina 5, malamang na ang barko ay napapailalim sa mga parusa.

> **Bago tumanggap ng anumang assignment, beripikahin ang IMO number ng barko mula sa mga opisyal na sanction at risk lists**







# Ano ang nakataya para sa iyo?

Ang pagtatrabaho sa isang sanctioned vessel ay maaaring magdulot ng malubhang panganib sa kaligtasan, kapakanan, at mga legal na pananagutan.

**Mga Panganib sa Kaligtasan**

Ang hindi pagsunod sa SOLAS, IMO o class requirements ay nagpapataas ng posibilidad ng mechanical failure, banggaan, o insidente ng polusyon. Ang paraan ng trading nito ay maaaring makapaglagay sa barko at tripulante sa high-risk o conflict regions kung saan nagkaroon na ng military strikes laban sa mga merchant vessel.

**Mga Panganib sa Kapakanan**

Mas mataas ang posibilidad ng hindi nabayarang sahod, pagkaantala ng bayad, o tuluyang pag-abandona. Maaaring bumaba sa minimum standards ang kondisyon ng pamumuhay, kabilang ang mga ulat ng pambubully, pananakot, pagkumpiska ng telepono, hindi maayos na kalidad ng pagkain, limitadong komunikasyon, at halos walang shore leave.

**Mga Panganib sa Mental na Kalusugan**

Ang isolation, kawalan ng katiyakan, at kakulangan ng komunikasyon sa pamilya ay maaaring magdulot ng depresyon, anxiety, at iba pang suliraning mental na pangkalusugan.

**Mga Legal na Panganib**

Pagkumpiska, detensyon, o pag-impound ng mga awtoridad.

HIGH RISK

# Mga Safety Checks

## Mas Ligtas na Recruitment at Pre-Joining Checks

Bago pumirma ng kontrata, ang mga marino at crewing company ay dapat:

- Tiyakin ang pagsunod sa MLC, SOLAS at IMO standards
- Siguraduhing malinaw sa kontrata ang sahod, overtime, leave, at repatriation terms
- Beripikahin ang sistema ng pagbabayad ng sahod at insurance coverage
- Suriin ang ownership history, PSC records, at AIS behaviour
- Tiyaking may available na emergency contact details (ITF, ISWAN, CHIRP)
- Hikayatin ang pamilya na itala ang detalye ng barko sa bahay
- Magdala ng emergency SIM card

## Kung Ikaw ay Nasa Barko na

- Unahin ang personal na kaligtasan; huwag komprontahin ang mga nasa kontrol
- Kumpidensyal na ipaalam sa pamilya o pinagkakatiwalaang organisasyon (Union, ISWAN, CHIRP)
- Magdala ng emergency SIM card
- Idokumento ang hindi ligtas na kondisyon kung ligtas gawin
- Makipag-ugnayan sa ITF o sa pambansang awtoridad kung huminto ang sahod
- Magplano na makaalis ng ligtas sa lalong madaling pagkakataon

## Mga Sanggunian

**www.equasis.org**

Isang libreng website na kailangan magrehistro at naglalaman ng napakaraming impormasyon tungkol sa may-ari ng barko, huling PSC inspection, kasaysayan ng barko, at iba pa.

**www.igpandi.org**

Para matiyak kung ang isang barko ay saklaw ng isang P&I Club na miyembro ng IOGP.


















# Suporta para sa mga Pamilya

- Panatilihin ang regular na komunikasyon sa pamamagitan ng iba't ibang paraan
- Kung kaya, magtabi ng pera buwan-buwan bilang emergency fund sakaling huminto ang sahod
- Gumamit ng napagkasunduang code words para sa lihim na babala
- Kumilos agad kung huminto ang komunikasyon o naantala ang sahod
- Humingi ng tulong sa ITF, ISWAN o CHIRP
- Magbigay ng emosyonal na suporta at manatiling may sapat na kaalaman

**Emergency contacts**

| Organisation | Website |
|---|---|
| ITF Seafarers' Support | https://www.itfseafarers.org/en/contact-us |
| CHIRP Maritime | https://www.chirp.co.uk/maritime/submit-a-report/ |
| ISWAN | https://www.iswan.org.uk/get-support/seafarers/ |
| Befrienders Worldwide | https://befrienders.org/befrienders-worldwide-seafarers/ |



The CHIRP Charitable Trust,
167-169 Great Portland Street, 5th Floor, London, W1W 5PF

Telephone: +44 (0)20 4534 2881

For general correspondence, please use: mail@chirp.co.uk
To submit email reports, please use: reports@chirp.co.uk

**www.chirp.co.uk**

© CHIRP 2026